

**KASUNDUAN**  
(Computer Shop/ Internet Café)

**ALAMIN NG LAHAT:**

Ako si \_\_\_\_\_, may sapat na taong gulang, Binata/dalaga/may asawa, nakatira/may tanggapan sa \_\_\_\_\_, alinsunod sa itinakdang batas, ay nagsasalaysay na:

1. Ako ay may-ari/tagapamahala/awtorisadong kinatawan ng negosyo na nagngangalang \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_ na matatagpuan sa \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_;
2. Ang may-ari/namamahala/kinatawan at mga empleyado ng naturang computer shop/internet café ay magiging katuwang ng Pamahalaang Lungsod para sa mahigpit na pagpapatupad ng mga isinasaad ng Kautusang Panlungsod Bilang 17-044.
3. Ang operasyon ng naturang computer shop/internet café ay mahigpit na tatalima partikular sa Seksyon 3 ng nasabing Kautusang Panlungsod:

*“SECTION 3. Mode of Operation. All computer rental shops covered under this ordinance shall operate as follows:*

- a) **No more distance prohibition** from any establishment such as school, park, government building, etc.
- b) **Computer shop hours:**
  - a. No 24-Hour Operation
  - b. 7:00 AM to 2:00 AM
  - c. Age bracket: 17 years old and below – until 9:00 P.M. (maybe be extended until 2:00 AM if accompanied by parent)
- c) **Limitation son War Games/ Violent Games -**  
Age bracket: from High School and above
- d) **Time Limit for Users (students)**  
Age bracket:       Elementary - 1 hour  
                          High School - 3 hours  
                          College       - Open
- e) **Gambling games not Permitted.”**

4. Ang negosyong ito ay hindi magpapapasok ng mga batang nasa mababa at mataas na antas lalo na kapag mayroong regular na klase maliban na lamang kung naayon sa isinasaad sa kondisyon na matatagpuan sa Talata 6 nito;
5. Ang mga gwardiya o namamahala sa bahay-kalakal na ito ay mag-rerebisa ng edad ng mga pumapasok dito sa pamamagitan ng pagtingin sa alin mang uri ng mapagkikilanlan o *identification card*;
6. Upang mabigyan ng pahintulot ang mga *menor de edad* na makagamit ng computer, dapat na ang kanilang gagawin ay patungkol lamang sa mga proyekto o asignaturang may kinalaman sa pag-aaral, at kinakailangan alamin kung sila ay may pasok o wala sa pamamagitan ng katibayan mula sa tagapayong-guro at magulang;
7. Ang ano mang uri ng sugal o pustahan gayundin ang mga laro sa computer na may temang bayolente at puno ng karahasan na maaring makaimpluwensya sa murang isipan ng mga kabataan ay hindi pahihintulutan sa loob ng bahay-kalakal.
8. Ang ano mang uring paglabag sa mga probisyon na isinasaad sa kasulatang ito, mga itinakdang batas at kautusan ng otoridad hinggil sa operasyon ng computer shop/internet café ay magsisilbing dahilan ng pagpapatigil o pagpapasara ng bahay kalakal na ito.

Nilagdaan ngayong ika-\_\_\_\_\_ sa Lungsod ng Muntinlupa.

\_\_\_\_\_  
Pangalan at Lagda sa ibabaw  
(May-ari/Tagapamahala/Kinatawan)